

# Deliryo sa Kagubatan

Skilty Labastilla

Sa mga unang eksena ng pelikulang *Salvage* (2015) ni Sherad Anthony Sanchez, makikita ang ilang mga sundalo at barangay tanod na binubuhay galing sa isang balsang kawayan ang katawan ng isang lalaking natagpuang patay sa lawa ng isang barangay sa Cagayan de Oro. Papalit-palit ang kulay at liwanag ng eksena kasabay ng bawat lagitik at matatanto ng manonood na ang kamera ay hawak ng isang tauhan, si Neil (JC de Vera), na nagkukumahog sa pag-aayos ng grado ng kulay ng kamera. Subalit bago pa niya makuha ang tamang kulay at liwanag, ang patay na katawan ay nakuha na mula sa balsa. Dahil dito, inutusan ni Melay (Jessy Mendiola), ang prodyuser ng news team galing sa Maynila, ang mga tao na ibalik sa balsa ang katawan at ulitin ang kanilang ginawa. At sinunod naman nila ito. itinutok naman ang kamera sa reporter na si Bong (Joel Saracho) na nagsimula sa kanyang ulat na ang namatay ay isa na namang biktima ng mga pagpaslang na pinaniniwalaan ng mga taong-bayan na kagagawan ng isang grupo ng mga aswang.

Ang news crew, kasama ang makeup artist na si Barbie (Barbie Carpio) at drayber ng sasakyan na si Manny (Karl Medina), ay tumuloy sa liblib na bahagi ng kagubatan ng CDO upang lalong palalimin ang kanilang imbestigasyon sa mga patayan. Di kalaunan ay mawawari nila na sila pala ay tinutugis na ng mga militar. Ang kalakhan ng pelikula ay magpapamalas ng mga maaksyong eksena--ang pagtakbo, pagtago, at pag-iwas ng crew sa mga tumutugis sa kanila.

Kung ang unang bahagi ng pelikula ay nagmistulang hawig lamang sa istilo ng pelikulang *Blair Witch Project*, nag-iba ang moda nito sa huling bahagi, kung saan ang crew ay nasukol na ng mga humahabol sa kanila at parang wala nang pag-asang makawala. Kagaya ng mga naunang pelikula ni Sanchez, hindi umasa ang *Salvage* sa banghay para mapukaw ang interes ng mga manonood. Sa halip, nilangkapan nito ng hiwaga at dahan-dahang paninindak ang mga eksena sa pamamagitan ng pagpasok sa kuwento ng hindi inaasahang elemento, na naging isa pang sanhi ng pagkabagabag ng mga tauhan, bukod pa sa mga panliligalig ng mga abusadong sundalo. Ang kagubatan mismo ay inihahalintulad sa isang kagimbal-gimbal na perya--- may mga batang biglang sumusulpot sa gitna ng gubat, bigla na lang umuulan ng yelo, mapusok na nagtatalik sa tabing-ilog ang isang sawa at isang babaeng may edad na, at sinaniban ng kakatwang kapangyarihan ang cameraman. Maihahambing ang

istilo nito sa mga nakahahalinang elemento ng kababalaghan sa mga pelikula nina Apichatpong Weerasethakul at David Lynch.

Anupaman, pinanatili ni Sanchez (na siya ring sumulat ng iskrip) ang konteksto ng mga pangyayari sa Pilipinas, at masasabing ipinagpapatuloy lamang niya ang kanyang pagkabighani sa tema ng militarisasyon ng mga kagubatan sa Mindanao na nagsimula pa sa kauna-unahan niyang obra na *Huling Balyan ng Bubi* (2006) at itinuloy hanggang 2012 sa pelikulang *Jungle Love*. Ang kaniyang mga kagubatan ay tigib ng misteryo ngunit ito rin ang mga sityo ng mga kampo ng militar na malayo sa Maynila at may sarili nang kalakaran at istruktura, kabilang na ang pagpatay nang tila walang dahilan. Ang salitang “salvage” ay hango sa Pinoy slang na tumutukoy sa summary execution at ipinapaunawa sa mga manonood na ang walang habas na pagpatay ng mga tao sa pelikula ay kagagawan ng mga sundalo.

Kung si Arnel Mardoquio, isa ring filmmaker na taga-Mindanao, ay isinasapelikula ang masalimuot na ugnayan ng mga militar at sibilyan gamit ang lenteng teatrong politikal, si Sanchez naman ay gumagamit ng pantastikong pamamaraan, at hindi siya nag-aatubiling paglaruan ang mga posibilidad na dala ng digital video at audio. Found footage ang kabuuang temperamento ng *Salvage* at minanipula ni Sanchez at ng kanyang crew ang bidyo para magkaroon ng mga *glitch* at gasgas sa tunog nito. Ang huling dalawampung kahindik-hindik na minuto ng pelikula ay tila isang *masterclass* sa paggawa ng pelikulang katatakutan na may maliit na badyet, sa pamamagitan ng matalinong paggamit ng anggulo, liwanag, tunog, editing, at matapang na pagganap ng mga aktor.

Maganda man ang kinalabasan ng pelikula sa kabuuan, nalimitahan ito ng kakulangan sa karakterisasyon: hindi lubos na nakilala ang mga karakter, at mahirap makisimpatiya sa mga taong maiingay at hindi nag-iisip nang matino, kahit sila pa ay tinutugis, kinakaladkad, at binubugbog na nang walang patumangga. Kung *schadenfreude* ang habol ni Sanchez sa kagustuhan niyang parusahan ang mga ignoranteng taga-media na dayo sa lugar, nakuha niya ito, ngunit nasakripisyo niya ang paglikha ng buo at simpatikong mga tauhan.

Gayunman, sa kabila ng ilang pagkukulang, kahanga-hanga pa rin ang ipinamalas na paghabi ni Sanchez ng mga eksena sa *Salvage* at ako man ay sabik na mag-aabang sa mga susunod pang produkto ng mapaglaro niyang imahinasyon.